

Tema: "Mga dapat tandaan at dapat isaalang alang sa panahon ng "niyebe"(snow)"

Sa pag-ulan ng niyebe o snow at minsan kasabay ang pag-ulan (rain) ang kalsada ay madulas. kaya't sa pagbyahe o paglabas ng bahay piliing magsuot ng hindi madulas na sapatos at may guwantes at sumbrero para maiwasan ang pag-kakasakit at pinsala.

Sa nagmamaneho o may sasakyan (car) magpalit ng mga gulong para sa taglamig
o スタッドレスタイヤ (sutaddoresu taiya). Ito ay karaniwang tumutukoy sa "studless winter tires," na siyang pangunahing ginagamit dito sa Japan sa panahon ng taglamig. Habang nagmamaneho, maaari kang makaranas ng mahinang visibility o mabigat na pag-iipon ng niyebe, na maaaring maging sanhi ng hindi pag-gana at paglabas ng usok sa tambutso na posibilidad na pumasok sa loob ng sasakyan at magdulot ng pagkalason sa carbon monoxide.



Kung ang iyong sasakyan ay hindi gumagana patayin ang makina o regular na alisin ang snow sa paligid ng muffler, kung saan lumalabas ang mga usok ng tambutso.

Sa pagtila ng malakas na pag-ulan ng niyebe, kapag ang panahon ay naging maaraw o mainit-init ang mga naipong niyebe s mga gusali o bubong ng bahay ay madali ang pag tunaw mag-ingat sa paglalakad at iwasan ang maglakad sa mga matataas na gusali o bubong ng bahay na kung saan may biglaang pag-hulog n matigas at malambot na snow.

Kapag nag-aalis ng snow mula sa iyong bubong, ikabit ang isang lubid sa iyong katawan at magsuot ng helmet upang maiwasan ang pagkahulog. Kapag naglilinis ng niyebe mula sa mga bubong o kalsada, makipagtulungan sa hindi bababa sa dalawang tao, upang makakuha ka ng tulong sakaling magkaroon ng panganib.



Kung inaasahan ang malakas na pag-ulan ng niyebe, subukang iwasan ang paglabas hangga't maaari. Maaaring maputol ang mga linya ng kuryente, na magdulot ng pagkaputol ng kuryente. Maghanda ng mga disposable hand warmer, kagamitan sa malamig na panahon, isang flashlight, at halos isang linggong halaga ng tubig at pagkain.